



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Marso 1, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan, 415.749.4900

Natapos na ang Winter Spare the Air season

SAN FRANCISCO - Ang 2017-18 Winter Spare the Air season (panahon para lligtas ang Hangin sa Taglamig) ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay natapos noong Pebrero 28, nang nagkaroon ng 19 na Alerto na lligtas ang Hangin sa Taglamig mula Nobyembre hanggang Pebrero.

Sa buong panahon, hinarangan ng walang patid na mataas na presyon sa mga bulubundukin ang mga bagyo na makakatulong sana sa pagpapakalat ng pagpaparumi sa hangin. Bagaman nagkaroon ng ilang bagyo sa unang kalahati ng taglamig, sumunod ang mahabang tuyo at matatag na mga takbo ng panahon na nagbigay-daan sa pag-ipon ng polusyon mula sa usok ng kahoy.

“Sa kabila ng kamakailang pag-ulan, ang tuyo at hindi nagbabagong panahon ng taglamig ay naging kaugalian sa Bay Area na nakadagdag nang malaki sa mga epekto sa kalusugan dahil sa polusyon mula sa usok ng kahoy sa buong rehiyon,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Kailangan ang mas malinis na mga solusyon para sa pampainit para protektahan ang kalusugan ng ating mga pamilya at kapitbahay sa loob at labas ng ating mga tahanan.”

Kasama sa 2017-18 na Winter Spare the Air season ang mahahabang alerto – hanggang walong sunud-sunod na araw sa Disyembre – dahil sa hindi karaniwang nakapirming panahon. Ginawa ang lahat ng 19 na alerto noong Disyembre at Enero.

Ang mga lalabag sa Tuntunin ng Pagsunog ng Kahoy sa unang pagkakataon ay hinihikayat na kumuha ng kamalayan tungkol sa usok ng kahoy para malaman pa ang tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng usok ng kahoy at ang mga kondisyon ng panahon ng taglamig na humantong sa hindi magandang kalidad ng hangin. Ang mga lalabag na pipiliing huwag kumuha ng kurso ay makakatanggap ng \$100 na ticket. Ang mga lalabag sa pangalawang pagkakataon ay sasailalim sa \$500 na ticket, kung saan madaragdagan ang halaga para sa anumang mga susunod na paglabag.

Ngayong panahon, nakatanggap ang Air District ng kabuuang 2,177 reklamo dahil sa usok ng kahoy mula sa mga residente ng Bay Area. Sa ngayon, 128 paglabag ang ibinigay sa mga residenteng natuklasang lumalabag sa Tuntunin ng Pagsunog ng Kahoy.

Mga Reklamo sa bawat County:

Alameda – 367

Contra Costa – 363

Marin – 306

Napa – 86

2018-020

San Francisco – 88
San Mateo – 211
Santa Clara – 362
Solano – 60
Sonoma – 306
Walang ibinigay na mga detalye ng county – 28

KABUUAN – 2,177

Ang usok ng kahoy mula sa 1.4 milyong tsiminea at mga kalan na gumagamit ng kahoy sa rehiyon ay ang pinakamalaking pinagmulan ng pagpaparumi sa hangin sa taglamig sa Bay Area, na naglalaman ng mga nakakapinsalang nagpaparumi sa hangin tulad ng particulate matter at carbon monoxide. Ang pagkakatantad sa usok ng kahoy ay iniugnay sa mga malubhang karamdaman sa paghinga at mataas na panganib ng mga atake sa puso.

Taun-taon, hihilingin pa rin ng Tuntunin ng Pagsunog ng Kahoy sa mga residenteng gumagamit ng kanilang tsiminea o fire pit sa labas na magsunog nang malinis gamit ang tuyo at seasoned na panggatong na kahoy at huwag nilang susunugin ang basura, mga dahon o iba pang materyal na magdudulot ng labis na usok. Ang mga residenteng lalampas sa probisyon ng tuntunin para sa nakikitang usok ay maaari pa ring sumailalim sa isang ticket, kahit na wala sa Winter Spare the Air season.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

#

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)